

# “Bakit kailangan ko ng mga bakuna?!”

## Librong pangkulay

Sinulat ni Danielle Colayco

Inilarawan ni Matthew Manos

Isinalin nina Meg Ruiz at Danielle Colayco

Mahal na pamilya,

Sinulat ko ang librong ito para sagutin ang inyong mga tanong tungkol sa mga bakuna at para maumpisahan ang usaping ito sa inyong mga pamilya at mga doktor. Bilang nanay, nais kong magkaroon ng maraming pagkakataon ang anak kong lumago, lumaking malusog at i-enjoy ang buhay niya. Alam ko rin ang pagsisikap nating mga magulang na maghanap ng oras para samahan ang ating mga anak sa doktor at pilitin silang magpabakuna.

Bilang parmasyutika, sinisigurado kong taon-taon nagpapabakuna sa flu at COVID ang pamilya ko—ngunit hindi ito ang paniniwala ko dati. Noong 2009, dalawampu't anim na taong gulang na estudyante ako, hindi ako nagkakasakit kaya hindi rin ako nagpapabakuna. Iniisip ko, wala naman sigurong masamang mangyayari. Nagkataon na yan ang panahon ng H1N1 "Swine Flu." Sobra ako nagkasakit na hindi na ako makatayo sa kama. Wala pang Doordash noon, kaya kailangan ng mga magulang ko magmaneho nang dalawampung minuto papunta sa apartment ko para lang maghatid ng tinola. Gumaling ako pagkatapos ng dalawang linggo. Naaalala ko pa ito, kahit na matagal na panahon ang nakalipas. Ayoko iyan maranasan ng mga mahal ko sa buhay kaya tuwing Oktubre, pumupunta kami sa botika para sa bakuna.

Higit pa rito, habang sinusulat ko ito, dalawang bata sa Texas ang namatay sa measles kasi wala silang bakuna. Nakakaiyak kasi maiiwasan sana ang pangyayaring ito.

Itong aklat ay isang paalala sa pakinabang ng paghahanda. Hindi natin kailangan palagpasin ang ating mga yugto at pagdiriwang. Ang mahalaga ay patuloy tayong nabubuhay.

Para makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga bakuna, magtanong sa inyong mga doktor o parmasyutika o bisitahin ang:

http://VaccinateYourFamily.org

Sumusuporta sa iyo,

Dra. Colayco



Kamusta! Ako si Gabby,
estudyante ako sa grade 4.

Minsan, dinadala ako ng tatay ko sa doktor para magpabakuna, pero ayoko yun!





Ngayong taon, hindi ako nagpabakuna. Nagkasakit ako, at hindi ko napuntahan ang kaarawan ng pinakamatalik kong kaibigan na si Yuki.






Pumunta ang tatay ko sa botika para kumuha ng gamot at sinabi niya sa parmasyutika ang nangyari.


Sabi ng parmasyutika, “Kawawa naman! Malubha ang sakit niya kasi wala hindi siya nagpabakuna ngayong taon. Kailangan talaga natin ito para maiwasan magkasakit.”

“Di ko alam na napakahalaga pala ng mga bakuna,” sabi ni tatay. “Paano ba nito nilalabanan ang mga sakit?”


“Ang bakuna ay parang aklat ng instruksyon na nagtuturo sa katawan kung paano labanan ang impeksyon,” sabi niya.










“May immune system ang katawan mo na parang mga guwardya na inaalis ang mga mikrobyo na nagdudulot ng sakit.”








“Kapag nagpabakuna ka, natututo ang mga guwardyang labanan ang mikrobyo para maging malusog ka.”






“Kung walang bakuna,
pumapasok ang mga mikrobyo
at magdudulot ito ng
malubhang sakit.”

At yan ang nangyari sa akin.
Buti na lang, gumaling ako at kaya
ko na maglaro kasama si Yuki bukas.



Ayoko pa rin ng mga bakuna,
pero mas ayoko magkasakit.

Kaya, sa susunod na pagsabihan
ako ng parmasyutika o doktor,
dadalhin ako agad ng tatay ko para
gawin ito.






## Tungkol sa may-akda

Si Danielle Colayco ay isang parmasyutika, ekonomistang pangkalusugan, at nonprofit executive na naniniwalang lahat ay may karapatang magkaroon ng pagkakataong mabuhay nang malusog.
Si Dra. Colayco ay anak ng mga imigranteng Pilipino na nagbigay-inspirasyon sa kanyang gamitin ang kanyang pinag-aralan para tumulong sa mamamayan.
Gusto niya rin magsulat ng mga nobela at maggantsilyo ng mga stuffed animals para sa kanyang pamilya at mga kaibigan.



## Tungkol sa ilustrador

Si Matthew Manos ay isang ilustrador, guro, at creative strategist na nagdidisenyo, nagkukwento, at nag-iisip ng kinabukasan. Siya ang tagapagtatag ng Verynice, isang samahan ng disenyo na nagbibigay ng higit pa sa kalahating libreng serbisyo. Associate Dean rin siya sa USC Iovine at Young Academy. Gumagawa si Matthew ng mga gamit, aklat, at karanasan para tulungan ang mga taong harayain ang mga makapangyarihang ideya at gawing realidad ang mga ito. Gumagawa siya ng mga komiks, nagpipinta rin siya, at iniisip niya madalas ang mga alien, mga siyudad, at time travel. Kahit na nasa silid-aralan o nasa estudyo siya, iniisip niya palagi ang mga iba't ibang posibilidad.

Karapatang-ari sa teksto © 2025 Danielle Colayco
Karapatang-ari sa ilustrasyon © 2025 Matthew Manos

Lahat ng karapatan ay nakalaan. Ang aklat na ito o anumang bahagi nito ay hindi maaaring kopyahin o gamitin sa anumang paraan nang walang malinaw na nakasulat na pahintulot ng tagapaglathala, maliban sa paggamit ng mga maiikling sipi na maaring gamitin sa pagsusuri ng libro.

Inilimbag sa USA
Unang edisyon 2025
Disenyo at paglalarawan ng pabalat ng libro ni Matthew Manos

Salamat sa ating mga isponsor!

california pharmacists association

CDPH California Department of Public Health

California Chronic Care Coalition We're About People. We're About Health.

Komoto Family Foundation

KomotoFamilyFoundation.org